1

"Garnet!" Sinalubong siya ng magkakapanabay na tili nina Jonna, Madonna, Cori at April na kanina lang ay halos nagpapaligsahan sa pahabaan ng nguso habang hawak ang kani-kanyang inumin at magkakatabing nakaupo sa bar malapit sa entrance. Ang apat ay mga kaibigan at kaklase niya noong college. Dahil sa malakas na pagbati ng mga ito ay nakuha nila ang atensyon ng mga tao sa loob ng bulwagan na napansin niyang mga kakilala nilang lahat.

"What's this all about? I thought this would only be a private dinner," baling niya sa mga kaibigan na minsan na lang niyang makasama matapos nilang magtapos sa college.

"It is! Private dinner with friends and families. O, di ba ang saya? In fact, our exes are also here," natutuwa na natatawang paliwanag ni April pagkatapos nilang magbeso.

"Hi, Friend! Come on, kanina ka pa hinihintay ng lahat. By the way, how was the flight? Bakit delayed?" salo ni Cori pagkakita sa nagrereklamo niyang reaksyon.

"Oo nga. Kanina pa nag-aabang ang mga bisita sa pagdating mo. Halos maikuwento na nga ni Mary ang lahat ng kalokohan natin para lang may masabi," ani Madonna bago siya makasagot. Ito lang ang tanging bading sa grupo nila.

"Wait!" pigil niya sa mga ito. "Akala n'yo nakalimutan ko na ang style n'yo na 'yan, ha! Tigilan n'yo ako sa mga tanong at comments giving me no time to speak. Answer my question first. Hala! Pati parents ko, nandito." Nanlalaki ang mga matang sinalubong niya ang inang papalapit sa kinatatayuan nila.

"Hi, Anak. 'Wag mo silang awayin, kami ng mga kapatid mo ang nakaisip nito at tumulong lang ang barkada mo. Gusto kasi naming makabawi since hindi ka naman dito nag-celebrate ng eighteenth birthday mo. Post-debut party mo na din 'to. Are you mad?"

"Post-debut party? 'My, twenty-seven na kaya ako. Ilang taon na 'yon pagkatapos kong mag-eighteen?" Nagbilang pa siya gamit ang mga daliri. "Nine years! Pagtatakpan n'yo pa ang kalokohan ng mga 'to, eh." Inirapan niya ang mga kaibigan na naghahagikgikan sa likuran niya.

"Halina kayo sa harap. Batiin mo muna ang daddy mo at ang lahat ng nandito." Si Jonna, ang

pinakabata sa kanila pero pinaka-mature sa kilos.

"Friend, di ka na galit?" singit ng madaldal na si Madonna.

"Makakaangal pa ba ako? Pati nanay ko, kinuntsaba n'yo ba naman." Nginitian niya ang mga taong nadadaanan nila. Aktong uupo na siya nang tawagin sila ni Madonna paakyat ng stage.

"Okay. Ngayong dumating ka na at kompleto na tayo, magpakabibo tayo sa mga inabala nating mga bisita. Let's perform our barkada dance." Si Mary na iniabot ang mikropono sa DJ sa isang sulok.

"What? Hindi lang ako galing Manila, galing din ako sa meeting. And we're wearing high heels, for crying out loud!" angal niya, umaasang mapipigil niya ang mga ito dahil hindi birong magsayaw ng hip-hop/jazz nang nakatakong.

"Do you really think we'll buy that nonsense? This is your punishment for being so workaholic and for being out of reach for such a long time," sabi ni April na nag-tongue out pa pagkatapos ay pumuwesto na.

Nang pumailanlang ang tugtog, walang magawang sinabayan ni Garnet na ang mga kaibigan sa pagsayaw. Hindi niya napigilan ang pagsilay ng

kanyang ngiti nang awtomatikong gumalaw ang kanyang katawan at nakipagsabayan sa paghataw. May mga pagkakataong nakakalimot siya ng step at napapatigil sandali na ikinakatawa ng mga bisita at mga kaibigan. She just made face and caught up with her friends who obviously rehearsed the whole thing.

Nang matapos ang kanilang sayaw ay nagpalakpakan ang mga tao. Nag-bow silang magkakaibigan at tatawa-tawang nagyakapan. Susunod na sana siyang bababa ng entablado nang marinig ang umaalmang boses ni Mary.

"Hep, hep, hep! Garnet, di ka pa p'wedeng bumaba. Come here, Darling." There was something in her friend's smile that was telling her something was coming up. Gayunpaman, lumapit siya rito.

"Bakit po? I'm here naman na as promised. I danced as I was told kahit alam kong mapapahiya ako dahil ako lang ang walang practice."

"You smart ass, akala mo gan'on lang 'yon? Umupo ka d'on. Sige, upo." Napalingon siya sa isang silyang bigla na lang sumulpot sa center stage.

"Bakit mukhang ako lang ang nasa hot seat?" nakuha niyang itanong.

"'Wag kang madaming tanong," awat ni Cori.

"First question. Sa ating anim, ikaw na lang ang ultimate single. Kami nina April at Jonna, may asawa na. Sina Madonna at Mary, may boyfriend na rin. How about you? Siyempre alam na namin ang sagot. Pero para sa mga bisita natin ngayon dito, kumusta ang iyong love life?" Bumaling pa ito sa audience at hindi nabigo.

"Wala po akong boyfriend sa mga oras na ito." Napatigil siya kasabay ng pagbungisngis ng mga kaibigan nang may sumigaw ng 'yes' sa audience. "Hindi po kasama sa priorities ko 'yan sa ngayon, pero pag nagka-boyfriend ako, ipapamalita ko po sa mga interesado."

"Eww… lousy answer! 'Yan na nga ba ang sinasabi ko, eh. 'Yan ang natututunan mo sa mga kasama mo sa corporate world na kung hindi single ay mga hiwalay sa asawa dahil walang panahon sa relasyon. Pero bago ka pa umangal, next question. Ano ang huling bagay na nahiling nina Mommy at Daddy sa 'yo? Sa pagkakatanda nila ay wish nila sa 'yo 'to n'ong twenty-fourth birthday mo."

"Apo sa akin," nakangusong sagot niya. Hindi niya maiwasang isipin na pinaghandaan talaga ng mga kaibigan ang event na ito at suportado pa ng mga magulang at mga kapatid niya.

"Ano naman ang sagot mo?" magkapanabay na tanong nina Madonna at Cori.

"I'll give them one before I reach twenty-seven." She rolled her eyes in surrender.

"Eh, ilang taon ka na ulit ngayon?"

"Enough. Ano'ng gusto n'yong puntuhin?"

"Twenty-seven ka na, di ba? In fact, four months na lang at twenty-eight ka na."

"Oo na. You don't have to rub it in," nakasimangot na tugon ni Garnet.

"Ganoon lang? Wala ka man lang gagawin to fulfill your promise?" pakli ni Mary.

"Okay. I'll start looking for one," pahinuhod niya sa mga ito.

"A'right! Girls, what are we waiting for? Get the boys, ladies." Sabay na nagsipulasan ng talikod ang mga kaibigan sa tinuran ni Madonna.

"Hey! Jonna, what's happening?" Sinundan niya ng tingin ang kaibigan na kibit-balikat lang ang itinugon. Napanganga siya nang mula sa backstage ay may naglabasang mga mobile cubicles. "Shame! You literally set me up." Napatayo na siya sa gigil sa

mga kaibigan.

"Just sit down, relax, cooperate and enjoy the moment. Sabi mo nga, you'll start looking for a partner. Dahil mahal na mahal ka namin, tutulungan ka naming maghanap. We'll have a little game which was popularly known as the *Dating Game*. O, di ba? Bagong-bago. Ang saya!"

"No way…" Nailing na sinulyapan niya ang hawak na cue card ni Madonna.

"Keri lang 'yan, Friend. Hindi mo kailangang seryosohin. Nagbabaka-sakali lang naman tayo. Sakyan mo na lang," nagpapaunawa ang boses na salo ni Jonna.

"May magagawa pa ba ako?" Nakalabing bumalik siya sa upuan.

"We're set. Umpisahan na at baka magbago pa ang isip ng isa dyan." Magkakasabay na bumalik ang mga kaibigan sa center stage at tumabi kay Mary na sinisimulan nang basahin ang mechanics na nakasulat sa cue card. Lalo siyang hindi makapaniwala nang sabihin ni Cori na kumuha pa ang mga ito ng isang tao na siyang magsasalita para sa tatlong lalaki upang masigurong wala siyang mabosesan sa mga iyon.

2

"I don't want to hear any explanation or whatever comment from any of you. Ito lang ang masasabi ko: I'm not going to Boracay. I'm going back to Manila and that's tomorrow," may diing turan ni Garnet. Galit na tiningnan niya ang mga kaibigan lalo na ang lalaking katabi ng mga ito. Si Kevin Sandejas, manlolokong ex-boyfriend niya na siya niyang napili sa dating game.

Kulang na lang ay mag-walkout siya nang ipakilala ng mga ito kung sino ang napili niya sa laro, ngunit dahil walang kaalam-alam ang pamilya niya sa mga nangyari sa kanila ni Kevin noong college sila ay pinigilan niya ang sarili. Ngunit hindi na siya nagsalita pa nang ianunsyo ni Madonna na ang premyo nila ay dalawang linggong bakasyon sa Boracay, courtesy of her brother.

"Cori, Jon, leave us for a while, please. Ako muna ang kakausap sa kanya." Binalingan ni Kevin ang dalawang babae na halatang hindi alam ang isasagot sa kanya.

"No! Why don't *you* leave us instead? I'd rather talk to them than be left all alone with you. Or it

would be best if you all leave me here. I don't want to talk to anyone right now," galit na tugon niya.

"Damn it! No one is going to leave this room yet." Maigting ang pagkakatiim-bagang ng lalaki na hinila siya paharap dito. "Don't worry, maikli lang naman ang sasabihin ko sa 'yo. First, 'wag kang magalit sa mga kaibigan mo dahil ako ang nagpumilit na isama nila ako sa game kaya kung gusto mo, sa akin ka na lang magalit."

"Hindi iyon mahirap gawin. You don't even have to ask for it." Pinantayan niya ng nagbabagang tingin ang titig nito lalo na at pasimpleng lumabas sina Cori at Jonna.

"I know and I want to leave right now if that's the only thing that can calm you down. But before I leave, there's one more thing I want to say. We'll be going to Boracay tomorrow whether you like it or not. I'll be at your doorstep before six in the morning to pick you up."

"How dare you dictate to me? I'm *not* going to Boracay with or even without you."

Humakbang ito palapit sa kanya at hinaklit siya sa kaliwang braso. "Oh, yes, you will. Don't push too hard, Sweetie. Alam mo kung paano ako magalit."

"Do you really think you can scare me again? Umasa ka sa wala!" Pinilit niyang hilahin ang braso mula rito.

Hindi niya inaasahang sa pagluwag ng pagkakahawak nito sa kanyang braso ay ang baywang niya ang susunod na ikukulong nito. Sinubukan niyang magpumiglas, pero hindi siya nagtagumpay na umiwas sa balak nito. Paglapat ng mga mga labi nito sa kanyang bibig ay naramdaman niya ang pagsandal nito sa kanya sa dingding na lalong nagpahirap sa tangka niyang makawala mula rito.

Hindi niya napigilan ang mapaungol nang maramdaman niya ang unti-unting pagpapalit ng marahas na halik nito sa mas masuyo at mas malalim na halik. Napansin na lang niyang ginagantihan na niya ang halik nito at halos habulin pa ang mga labi nito nang maramdaman niyang bahagya iyong lumayo.

Habol ang hiningang sinapo nito ang kanyang mukha. "I'm glad you still know how to respond to my kisses. But we have to cut it short, Sweetie. We'll have more time for this later. For now, I want you to take some rest. I will see you tomorrow morning. I hope by then, there would be no more snapping and fighting between us." Hindi pa rin siya nito binibitawan, kaya

siya na ang kusang lumayo habang sinusubukang itago ang pamumula ng mukha. “You don’t have to hide from me, Sweetie. In fact, I wanna see you blushing. I missed it as much as I missed your lips.”

“*Hindi* ako sasama sa ’yo sa Boracay bukas. ’Wag ka nang umasa.” Iniba niya ang usapan dahil lalo lang siyang namumula sa pagkapahiya sa mga sinasabi nito.

“And I’m telling you that you will. Alam mo na kung may ginusto ako ay nakukuha ko,” determinadong saad nito.

“Umalis ka na.” Nanghihinang tinalikuran na niya ito.

“Six ng umaga sa bahay ninyo, Sweetie,” narinig niyang pahabol nito.

3

"Good morning, my sweetness…" Napabalikwas siya nang makilala ang tinig na ilang beses nang pilit na nanggigising sa kanyang ulirat.

Gusto man niyang singhalan si Kevin, hindi niya magawa dahil may morning breath siya. Nagmamadali siyang pumunta ng banyo at nagmumog. Pagtingin sa salamin ay nakita niya itong nakasandal sa hamba ng pinto at pinag-aaralan ang kanyang kabuuan. Nakasuot lamang siya ng racerback sando at skimpy shorts.

"Ano'ng ginagawa mo dito? How did you know I'm here?" nakataas ang isang kilay na tanong niya sa lalaki para matanggal ang pagkaasiwa.

Dahil alam ni Garnet na talagang pupuntahan siya nito sa kanilang bahay, minabuti niyang makitulog muna kina Jonna.

"'Andito po ako para sunduin kayo. Remember, we're headed to Boracay this morning. And to answer your second question, Sweetie, malakas ako sa kaibigan mong si Jonna, kung hindi mo pa napapansin. Malakas din ako sa parents mo, kaya

itinuro nila kung saan kita makikita." Humalukipkip ito at hinarangan ang daanan niya nang magtangka siyang lumabas ng banyo.

"I have no idea how you earned the confidence of my family and friends. At ilang beses ko bang dapat sabihin sa 'yo, I'm *not* going with you." Nag-akto pa siyang nagsa-sign language para ipagdiinan ang sinasabi.

"At ilang beses ko na ding sinabi sa 'yo na sasama ka sa akin, sa ayaw o sa gusto mo. Okay?" Hindi natinag na sumenyas din ito, sabay kindat sa kanya.

"Padaanin mo ako. Puyat ako at gusto ko pang matulog. Maghanap ka na lang ng ibang kasama kung gusto mo talagang magpunta ng Boracay. Kung gusto mo, pamilya ko na lang ang isama mo, since, as you've proudly said, they like you." Itinulak niya ito kaso hinuli lang nito ang mga kamay niya. "Let me go," matigas na banta niya.

"Paano kung ayaw ko? Alam mo ba kung ano ang gusto kong gawin ngayon?" Lalong humigpit ang hawak nito at marahan siyang hinila para lalong mapalapit dito.

"Stop it, Sandejas! Wala ako sa mood na makipagmatigasan sa 'yo kaya pakiusap, iwan mo na

ako." Napabuntong-hininga na lang siya sa kakulitan nito nang bigla siya nitong buhatin. Nakurot niya ito sa tagiliran nang ilapag siya nito sa kama na ikinangisi lang nito.

"Sweetie, I'll give you two choices. Either you get ready to leave or we stay here all day, just you and me. Tingin mo?" Tumaas-baba ang mga kilay nitong nagbabadya ng kapilyuhang naiisip.

"Kevin, move away. Baka mapasukan tayo ni Jonna sa ganitong ayos." Tinangka niyang tumayo at nagawa naman niyang makalusot. She headed for the door.

"Saan ka pupunta, my sweetness?" Nasukol siya nito nang tangkain niyang buksan ang pinto. "Sweetie, hindi mo pa ako binibigyan ng good morning kiss." Mula sa pagkakahawak sa doorknob ay hinila nito ang kamay niya at napasubsob siya sa dibdib nito.

"Kevin! Hindi pa ako nagto-toothbrush, ano ba?" *Damn! Bakit ko ba nasabi 'yon?* Kagaya ng dati, hindi siya makapag-isip nang matino pag ganito sila kalapit sa isa't isa.

"'Yon lang pala. Di mag-toothbrush tayo." Malapad ang ngiting binuhat ulit siya nito at ipinasok sa banyo. Pagkapasok ay iniupo siya nito sa

lababo. Nagmamadaling nilagyan nito ng paste ang toothbrush niya. Isusubo sana nito ang toothbrush sa kanya nang agawin na niya iyon.

"Ako na. Lumabas ka na." Bumaba siya sa lababo at inumpisahan ang pagsisipilyo.

"Nope! I can wait here." Nangalumbaba si Kevin sa lababo habang hinihintay siyang matapos. Nang makahalatang sadya niyang tinatagalan ang ginagawa, binuksan nito ang gripo. "You know what, Sweetie? Nabasa ko sa *Reader's Digest* na ang pagsisipilyo ng mahigit sa dalawang minuto ay nakaka-cause ng bad breath." Inagaw nito sa kanya ang toothbrush nang umiling lang siya sa pagkontra sa sinabi nito. Walang magawa na nagmumog na siya.

"Maliligo na ako. Labas na." Lumipat siya sa kuwarto para maghanap ng maisusuot.

"Sasama ka na sa akin?" Malapad ang ngiting nakihalungkat din ito. Hinila niya mula sa kamay nito ang kinuha nitong pares ng panty at bra.

"Kapag hindi ka tumigil sa kakukulit, tutulugan na kita. Labas na!"

"Wear these. You'll look sexier, I'm sure." Iniabot sa kanya ng binata ang sinasabi nitong pares ng undies. "But before I leave, I will claim first my

morning kiss." Dumukwang ito para bigyan siya ng mabilis na halik. Bago pa makapagsalita ang dalaga ay nakalabas na ito ng silid.

"Hindi ka ba kakain?" tanong ni Kevin. Pagkalabas nila ng garahe ay aktong matutulog ang dalaga.

"Hindi ako gutom. I'd rather sleep." Nagsuot ito ng shades at bahagyang tumalikod sa kanya.

"Alam kong hindi ka pa kumakain mula pa kagabi. You have to eat." Napatiim-bagang siya sa katigasan ng ulo nito kahit alam niyang sanay itong lumiban sa pagkain.

"Namimihasa kang diktahan ako, ah," asik ni Garnet. "FYI, I don't need a nanny. Nabuhay at nasanay akong ako lang ang nag-aalaga sa sarili ko. At wala kang karapatang panghimasukan ang kung anuman sa buhay ko. You're not my mother. Ni hindi kita kaano-ano."

Bigla niyang naipreno ang sasakyan na muntik na nitong ikauntog sa windshield dahil hindi ito naka-seat belt. Nagngangalit ang mga bagang na bumaba siya at lumigid sa puwesto nito. Hindi pansin ang mga bumubusinang motoristang umaangal sa pagharang nila sa kalsada, hinugot niya ito palabas ng kotse.

"Why…" She couldn't finish her sentence because he was kissing her senseless already. Sabay sa pagtigil ng mga busina ang pagtigil nito sa pagpalag. Nang gumanti ito ay pinutol na niya ang halik kahit mahirap sa kanya. He was addicted to her sweet and soft lips.

"There! Ngayon mo sabihing hindi mo ako kaano-ano." Nawala na nang tuluyan ang galit ng binata nang makita ang pamumula ng pisngi ni Garnet. Natutukso siyang ulitin ang halik nang mapagawi sa halos namamagang labi nito ang tingin niya. "Get back inside. Masyado nang nag-e-enjoy ang mga fans natin."

Tuliro man ay parang mabait na batang sumunod ito sa sinabi niya. Pagkaupo nito ay siya na mismo ang nagkabit ng seat belt nito.

Nang makabalik sa likod ng manibela ay narinig niya ang katok sa kanyang bintana. Napabuntong-hininga na lang siya nang isang traffic enforcer ang kanyang nakita.

"'Yan. Ang hilig kasing gumawa ng eksena." Sa kabila ng sitwasyong kinasuungan, napangiti siya pagkarinig sa komento ng katabi. Ganitong-ganito rin ang sinabi nito nang ma-feature sila sa kanilang college gazette.